# TAGUMPAY ANG UNANG TAON!

**PANGKASALUKUYAN**

## Unang Taón ng Republika

Sa dî kawasa, at sa ibabaw ng kahirapan ng buhay at kabigatan ng panahon ay maluwalhating sumapit ang unang kaarawan ng pagkakatayo ng Republika ng Pilipinas. Lahat ng pilipinong may wagas na pag-ibig sa tinubuang lupa ay dapat magalak sa ganitong pangyayari palibhasa'y maliwanag na nadadama ngayon ang hudyat ng katuparan ng isang pangarap na napakalaong nilunggatî. Sabihin na ang ibig sabihin, ang pagsasarilí ng Pilipinas, na nagíng sanhi ng pamumuhunan ng dugo at buhay ng ating mga bayani, ay siyang pinanabikan natin sa mula't mula pa, at ang pagsasarilíng iyan, saan man nanggalíng o sínuman ang maybigay ay dapat ikaligaya. Kung masidhíng pag-aaralan ang kasaysayan ng ating mga pakikibaka't pakikitunggalî ay maliwanag na mababatíd na para sa mga pilipino'y walang mahalaga kundî ang paglasap ng isang buhay na nagsasarili.

Sa kung ilan nang pagkakataon ay nasabi ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulong Laurel, na may ilang kababayan, kundî man napakarami, na lubhang nag-aalinlangan sa kawagasan ng ating pagsasarilí; anila'y dî ito tunay at di-lubhang ganap, pang-akit at pandaya lamang, diumano. Kamí'y kasang-ayon ng marilag na Pangulo sa pagpapayo na kung mayroong mga ilang nag-aalinlangan, ang dapat pakasikapin ng lahat at bawa't isa ay magtulung-tulong at magyakap-yakap upang [illegible] papaghahariin ang pag-aalinlangan, saan man ay dî tayo makararatíng. Wala tayong mapapalà sa pagtutu-[illegible]

Isa sa mga bagay na dapat nating alagatain, sa harap ng kasalukuyang mga pangyayari, ay dî tayo ang may-hawak ng susi ng kaluwalhatían. Nakíkibagay tayo sa panahon at pinaninimbangan natin ang takbó ng digmaang lumíligalig sa sandaigdíg. Huwag tayong mag-unuran. Ang kailangan natin ngayon ay sumunod sa ipinapayo ng mga patnugot ng ating bansa. Para sa kanila, ang pinakamahalaga ngayon sa mga pilipino ay makaligtas sa malupít na kuko ng digmaan, makatawíd sa daluyong ng mga paghihirap, upang, sa panunumbalik ng kaliwanagan ng panahon, ay manatiling ligtas at buhay ang ating pagka-Bansa at ang ating pagka-Lahì.

Oo't tunay na ang panahon ay napakabigat para sa buhay ng lahat at bawa't isa sa atin. Nguni't ang Diyos ay dî natutulog. Kung tayo'y matututong mag-ingat, tayo'y Kanyang pag-iingatan. Ang liwanag ng pag-iisip at hinahon ng kalooban ay siya nating paghariin sa bawa't sandali. Mamayapa tayo at sikaping matawíd na maluwalhatì ang malawak na dagat ng patung-pating na mga suliranín.

Ngayong matagumpay na naitaguyod ang unang taon ng ating nakatatag na Republika, manalig tayo at maghintay. At kamí'y umaasa na kung tayoy magpapakatalino, ang ikalawang taóng ngayó'y pumapasok sa buhay ng ating pagsasarilí ay sasapitin ng lalò pang maluwalhatì at lalò pang mabulaklak para sa kasarinlan ng ating bansa.

Kahimanawari, ang unang taong natawíd ng ating nakatatag na Republika, ay magíng hudyat ng isang kaligayahang hindi matatapos sa hinaharap ng panahon.

### BAGONG KONSUL SA MAYNILÀ

Bilang kahilili ni Suekiti Sionoya ay hinirang na magíng konsul heneral ng Hapon sa Maynila si Masaki Yodokawa. Ang bagong konsul Yodokawa ay naglingkod sa Brasil, Peru, Tsile at Espanya at hanggang noong bago sumiklab ang digmaan ay siyang konsul heneral ng Hapon sa Timor.

## ANG AMING BATI AT PAMIMITAGAN

Sa pagsilang sa maliwanag ng unang bilang naming ito, bago ang lahat, ay nagúukol kamí ng maligayang bati at lubos na pamimitagan sa mga may-kapangyarihang umuugit sa daong ng bansa, lalung-lalò na sa Kataas-taasang Pamunuan ng Pamahalaang Imperyal ng Hapon sa Pilipinas na siyang kumakatawan sa kanya sa lupaíng ito. Sa kanila ay nagpupugay kamí at gumagalang.

Ang aming tulong at pagkatig ay buong pagkukusang inihahandog at ang aming magagawa sa lahat ng abot ng aming kaya ay ipinangangakong gagawín, alang-alang sa ikapagtatagumpay ng isang matalino at mabuting pagkakaunawaan.

Kamí'y katig sa Pamahalaang nakatatag, nguni't kamí'y magiging bibíg ng sambayanang nagpapakasakit sa kasalukuyang bigat ng panahon upang mapangalagaan, dî lamang ang kanilang mga kapakanan, kundî lalu't higít ang kanilâng mga kaapihán.

Alang-alang sa ikapapanuto ng lakad ng mga bagay-bagay ay ipalíliwanag namin sa taumbayan ang lahat ng balak at layunín ng Pamahalaan at pararatingín naman sa mga nagsisihawak ng ugit ng bansa ang lahat ng daíng ng taumbayang nasa dakong ibaba. Anupa't tutupad kamí sa tungkuling tagapamagitan. Alam namin na ang dî pagkakaunawaan ay siyang madalas na pinagmumulan ng mga ligamgam at ligalig, kaya, upang maiwasan ito, iuukol namin ang aming mga pitak para sa bagay na iyan.

Bumabatì nga kamí at napupugay sa lahat.

## Paláttuntunan Ng Mga Parangál

*Biyernes, Oktubre 13, 1944*

*7:30 n. g.*—Palatuntunan sa Radyo sa pamamagitan ng himpilang PIAM na ang pinaka-pangunahí'y isang talumpati ng Kgg. Arsenio N. Luz, Pangulo ng Lupon sa Pagbabalita.

*Sabado, Oktubre 14, 1944*
*Sa harap ng City Hall*

*7:30 n. u.*—Misang Pambayan.

*Sa Gusalì ng Batasang Pambansa*

*8:30 n. u.*—Pagtitipun-tipon sa harapan ng Gusalì ng Batasang Pambansa.

Ang pasukán sa gawing likuran ng Gusalì ng Batasang Pambansa ay tanging iuukol sa mga pinuno at mga panauhíng pinaanyayahan [illegible]

*[illegible] n. u.*—Ang Patnubay ng Batasang Pambansa, ang Punong Hukom ng Mataas na Hukuman, ang mga Kagawad ng Gabinete, ang Pangulo ng Sangguniang Bansa at ang Gobernador Militar ng Maynila ay magtitipun-tipon sa tanggapan ng Patnubay na magdaraan sa pasukan sa gawing likuran.

*9:05 n. u.*—Ang mga Kagawad ng Kapulungang Pambansa, ang mga iba pang pinuno at gayundin ang mga pinaanyayahan ay magsisiluklok sa kaní-kanilang upuan sa tribuna.

*9:10 n. u.*—Ang Kanyang Kamahalan, ang Sugong Mayganap na Kapangyarihan ng Hapon, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataastaasang Punò ng Hukbong Imperyal ng Hapon sa Pilipinas, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataastaasang Punò ng Hukbongdagat ng Hapon sa Pilipinas, at ang kaníkanilang mga kagawad, ay magsisirating at magsisitulóy sa tanggapan ng Patnubay sa pamamagitan ng pasukan sa dakong harap.

*9:20 n. u.*—Ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, kasama ng Pangulo ng Lupon sa Kaarawan, ay aalís sa Malakanyang sa ganap na ika-9:15 n. u. upang dumaló sa mga parangal na pangungunahan ng mga taliba at darating sa tanggapan ng Patnubay ng ika-9.20 n. u. na magdaraan sa pasukan sa dakong harap.

*9:25 n. u.*—Ang Kanyang Kama[illegible] Mayganap [illegible] Kanyáng Kamahalan, ang Kataastaasang Punò ng Hukbong Imperyal ng Hapon sa Pilipinas, ang Kanyang Kamahalan, ang Kataastaasang Punò ng Hukbongdagat ng Hapon sa Pilipinas, at ang kaníkanilang mga kagawad, ay magsisiluklók sa kanilang mga upuan sa tribuna. (Kapagkarakang maihudyat ang kanilang pagdatíng ay dapat tumayo ang lahat.)

*9:30 n. u.*—Martsa Laurel—Ng Banda ng Kostabularya.

Pagpasok ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ng Patnubay ng Kapulungang Pambansa, ng Punong Hukóm ng Mataas na Hukuman, ng Pangulo ng Lupon sa Kaarawan, ng mga Kagawad ng Gabinete, ng Pangulo ng Sangguniang Bansa, at ng Gobernador Militar ng Maynila.

*9:35 n. u.*—Panalangín ng Kapitapitagang Cesar Ma. Guerrero, Katulong na Obispo sa Maynila.

*9:40 n. u.*—Pagpupugay sa Watawat.

*9:41 n. u.*—Isang saglit na pagmumuni't tahimik na pananalanging alang-alang sa mga bayani't mga pinagpala sa kalayaan ng Pilipinas at sa ikapagtatagumpay ng Republika ng Pilipinas.

*9:42 n. u.*—Pagpapakilala sa Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ng Pangulo ng [illegible] Kaarawan, K[illegible] Bansa [illegible] ng Kan[illegible]se P. Laurel, Pangulo ng [illegible]ng Pilipinas.

*10:43 n. u.*—Pag-alís sa tribuna ng Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas. at ng iba pang mga Pinuno at Panauhín.

Ang mga panauhing nasa tribuna ay magsisitindíg at ang lahat ay mananatili sa pagkakatayo hanggang sa ang Kanyang Kadakilaan, ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, at ang ibá pang mga Pinuno at Panauhin ay mangakaalís.

*630 n. g.*—Palatuntunan sa Radyo sa pamamagitan ng himpilang PIAM. Ang Kgg. Claro M. Recto, Panlabas ay siyang bibigkas ng Kagawad Bansa sa mga Suliraníng ng pangunahíng talumpatí.

## SA BAYANG PILIPINO

*Kalatas ng Kanyang Kadakilaang Jose P. Laurel, Pangulo ng Republika ng Pilipinas*

Ang maluwalhating pagsapit ng unang kaarawan ng Republika ng Pilipinas ay dapat ikagalak ng lahat ng pilipinong lubos na nagmamahal sa kanilang tinubuang lupa. Walang dahilan ang kahit na sino upang walíng bahala ang ganitong pangyayari. Dapat alagataín na ang ating mga ninuno'y nagtiís ng di-maulatang hirap alang-alang sa katubusan ng bayan at ang pangyayaring ang pamahalaang nakatatag ngayo'y sa isang Republikang malaya at nagsasarilí ay ganap na nagpapakilala na ang mga hirap na tiniís, sa paanu't paano man, ay nagkaroon ng katumbas na bunga.

Sa ilang pagkakataon ay akin nang naipahiwatig na ang katunayan at kawagasan ng kasarinlang tinamo natin ay pinag-aalinlanganan hangga ngayon ng ilang mga kababayan. Ibig kong ulitin sa pagkakataong ito ang aking payo, na, kung sakali mang may dahilang pinagbabatayan ang mga pag-aalinlangang yaon, ang tungkulin ng lahat at bawa't isang may dalisay na pag-ibig sa tinubuan, ay tumulong at magsumikap upang ang pinag-aalinlanganang kasarinlan ay magíng tunay at wagas. Tayo'y nasa isang panahon ng tahasang pagpapasiya. Ito'y hindi mga araw ng pag-uunuran. Ang kailangan nga ay magkaisa tayo at magtulung-tulong.

Bilang paggunita sa unang kaarawan ng Republika ay nais kong paratingín sa aking mga kababayan ang ganitong tagubilin: Magkaisa-isa tayo sa pagbalikat ng mga gawaing tungo sa ikalíligtas ng ating Bayan at ng ating Lahì. Sa alín mang kilos at gawa ay wala tayong dapat sagisagin kundî ang ating pagka-pilipino. Iwaksí ang simbuyo ng mga kalooban at sa bawa't sandalí'y walang dapat pairalin kundì ang marubdob na pag-ibig sa Tinubuang-lupa.

Manatili nawang nakawagayway sa habang panahón ang maluwalhating watawat ng ating minumutyang Repúblika!

**PAGTATAPAT**

## Ang Kamay na Bakal ng Pamahalaan

Hindî íilan ang namanhík sa [illegible] s[illegible] paglabás ng unang bilang na itó ay mangyaring ipaalaala lamang, na, marahil anila ay magugunita pa ng lahat na sa [illegible]lumpating binigkas [illegible] Kanyang Kadakilaang Jose P. Laurel Pangulo ng Republika ng Pilipinas, [illegible]a harap ng [illegible] lider at pangulo ng mga Samahan ng Magkakapitbahay [illegible] pagtitipong ginanáp sa Sitihol ay táhasang ipinahayag ng nasabing Pangulo na dî nakakaila sa kanya na ang Pamahalaan ay punô ng mga alagad ng batas na gumagawa ng mga kasagwaan at kabulastugang nagiging dahil ng kabigatan ng kabuhayan ngayon. Tahasan din namang sinabi ng Pangulo na siya'y nahahandang gumawa ng lubusang pag[illegible] sa gayóng urì ng mga alagad ng batas, humingî lamang siya ng panahon upang ang kanyang binabalak ukol dito ay maisagawa. Ayon sa mga nagpaalaala sa amin, magbuhat nang magtalumpati ang Pangulo hanggá ngayon, ang lakad ng mga bagaybagay ay hindî nagbabago. Namamayani pa rin ang gayong masasamang kagagawan.

Inaakala ng nabanggít na mga nagpapaalala na alinsunod sa kanilang palagay ay dumatíng na ang panahon upang ang Pamah[illegible]aan [illegible] laban sa gayóng mga alagad ng batas. Itó, sa pamamagitan namin, ang magalang na hiníhingî nila sa marilag na Pangulo kung ibig din lamang nitong mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Para sa kanila, ang marami sa mga alagad ng batas ngayon, sa halíp na magíng mga tagapagbantay upang maipatalima ang mga ipinag-uutos ay siya pa ngang nagiging mga "bantay-salakay." Tila ang kanilang sinasagisag sa pagtupad ng tungkulin ay "mabuhay lamang sila, mamatay na't mahirapan ang iba". Dî man lamang nagugunita ang tagubilin ng Pangulo Laurel sa isa niyang talumpatì . . . "mabuhay upang magbigay-buhay."

Gaya ng aming sabi sa ibang panig ng bilang na ito ay maglilingkod kamí bilang tagapamagitan ng Pamahalaan at ng mga mamamayan. Ang daíng na ito ng mga mamamayan ay ipinaabot namin ng buong galang sa Kanyang Kadakilaan. At aming inuulit na ang hingî nila ay gamitin na ng Pamahalaaan ang kanyang kamay na bakal laban sa mga alagad ng batas na nagiging mga "bantay-salakay". Ang kalagayan ngayon ay nasa sukdulan na. Anumang bisa ng lunas na ilalapat kung daratíng ng hulì sa panahon ay wala nang kabuluhan. Manapa ay lunas na maaarì pang makamatay.

### PANANALIG AT PANINIWALA

Kamí'y nananalig sa kapangyarihang hawak ng Pangulong Laurel na nagtataguyod sa nakatatag na Republika pagka't kamí'y naníniwala na siya'y walang pinagsusumakitan kundî ang katubusan at kaligayahan ng kanilang Bayan at ng kanilang Lahì.

Kamí'y nananalig sa kawagasan ng Republika pagka't kamí'y naníniwala na íto'y nakasalalay sa isang Saligang-Batas na yarì at piga sa mga pangarap at mithiin ng mga bayaning nangabulíd sa kadiliman ng gabí.

Kamí'y nananalig sa tagumpay ng Pamahalaan pagka't kamí'y naníniwala na ang kanyang mga tao'y walang sinísikap kundî ang kaligtasan at katiwasayan ng mga mamamayan.

Kamí'y nananalig sa katiningang-loob ng mga mamamayán pagka't kamí'y naníniwala na ang katutubong-baít ay siya nilang pinaíiral sa ibabaw ng mga paghihirap na tinatawíd.

Kamí'y nananalig sa kaligtasan ng taumbayan pagka't kamí'y naníniwala na ang hinahon ay siyang pinapananaíg kay sa simbuyo ng mga kalooban sa harap ng kasalukuyang mga pangyayari.

Kamí'y nananalig sa katapatan ng bawa't isa pagka't kamí'y naníniwala na lahat ng nakababatíd na sa kasalukuyang bigat ng panahon ay walang dapat gawín kundî ang isang matalinong pakikibagay.

Kamí'y nananalig at naníniwala na ang mga layunín ng Republika ay ipagwawagí sa hinaharap na panahon pagka't ang mga layuníng ito'y hubog sa malinis at dalisay na pangarap ng mga bayaning dinanghinayang sa buhay alang-alang sa tinubuan.

Kamí' nananalig at naníniwala na ang Bayan at ang Lahì ay makalíligtas pagka't ang taong bumabalikat ngayon ng mga gawain sa Pamahalaan ay nakapako ang pananaw sa isang maligayang hinaharap.

Kamí'y nananalig at naníniwala, na pagkatapos ng mga hirap na tinítiís, ay sasapit din ang madla sa pinapangarap na lupang-pangako palibhasa'y walang di namumuhunan ngayon ng lahat ng urì ng pagpapakasakit.

(*Na sa pagina 4 ang karugtong*)

## Pangulong Tudling

### ANG AMING LAYON AT TUNGKULIN

Sa tanging pagnanais na ang ating baya'y magkaroon ng ganap na kaalaman sa mga pangyayari ay ipinasiya ng isang pulutong na mga mamamayan na ilathala ang abang linggubang ito, *Ang Republika*, upang mabatid nating mga pilipino ang tunay na mga nangyayari sa kasalukuyan at nang sa paraang iyan ay may mapagbatayan tayo sa ating mga gagawiín bilang mga mamamayan ng Republika ng Pilipinas at bilang mga tapat na anak ng ating tanging Inangbayan—ang Pilipinas.

Naniniwala kamí na katutubong tungkulin ng bawa't isang mabuting mamamayan ang ipagtanggol at pangalagaan ang karangala't kapangyarihan ng ating sariling Pamahalaan. Ang alín mang gawí, kilos at isipíng salat sa ganyang makabayang tungkulin ay maliwanag na kawalan ng pagtatapat at isang tunay na pagtataksíl sa bayan at sa mga kababayan.

Pinanínindigan namin na ang pag-ibig natin sa ating bayan, bilang mamamayan ng Republikang ito, ay dî dapat pagkaitan ng ating katutubong karapatan na makatuligsa sa alín mang balak at batas ng Pamahalaan, na, sa aming malinis na paniniwala, ay makasasama sa lalong mabuting kapakanan ng ating bayan. Dahil na dahil nga sa iniibig namin ang ating bayan, sa ibabaw ng lahat, ay dî namin nararapat paraanín ang alín mang bagay na sa anumang paraan ay makapipinsala sa ating mga kapakanan at hangaring mapanatili ang isang Pamahalaan "ng mga pilipino, sa mga pilipino at ukol sa mga pilipino lamang."

Tinítiyak namin na ang Pangulong Laurel ay siyang, sa pamamagitan ng batas, ay pinakamataas na patnugot ng bansang pilipino. Sa gayong pagka-patnugot ay nararapat na lubos na igalang, sundin at ibigin. Siya ang sagisag na kumakatawan sa ating kapangyarihan at karangalang pambansa, at katungkulan nating tulungan at katigan sa lahat ng abot ng ating kaya at nang sa ganya'y maisakatuparan niyang maluwalhati ang kanyang malinis at makabayang adhikain na napamuhunanan na niya ng dî maulatang pagpapakasakit.

Sa kabutihang palad natin, ang ating bayan ay dî hiniwalayan kailan man ng Maykapal sa lalong mapanganib at mahihigpít na sandalî ng ating kasaysayan: sí Rizal at Del Pilar, sa pamamagitan ng kanilang katiningang-loob, malawak na paningín at malalim na panarok ay siyang nangamatnubay sa atin sa mga araw ng kadiliman ng unang kilusang tungo sa pagtatayô ng mga unang haligi ng ating pagka-bansa. Sina Bonifacio, Mabini at Aguinaldo, noong di na maiiwasan ang pangatawanang pagkilos, ay siya namáng nagíng mga tao ng ating kapalaran at siyang nangamanihala sa bayan sa pagtatatag ng ating Unang Republika. At ngayon, sa mga araw na ito ng kakilakilabot na pagsubok sa ating pagka-lalaki at sa ating pagka-bansa, ay ibinigay naman sa atin ni Bathala ang isang dakilang lalaki—si Jose P. Laurel. Siya ang kumakatawan sa lalong pinaka-magiting sa atin. Lubos na marangal, matapang, makabayan, walang pag-iimbot—malinis na salamín ng mga kabaitang pilipino, patnugot na tatalimahin, huwarang hahalintularin sa mga araw na ito ng lalong masagwíl at masuliraning katayuan ng ating kalagayan sa pamamayan, sa pamumuhay at sa pananalapî.

Nananalig kamí, sa wakas, na sa mga dahon ng ating kasaysayan ay nakatakda ang tatlong sumusunod na panahon: una, ang sa pagliliwanag at pagtatalatag ng ating kabansahan, na lumikha ng isang Rizal, paham at palaisíp, mangangatha at makata, na siyang umawit ng mga kabaitan ng ating tinubuan; ikalawa, ang sa pagtatatag ng lakas ng ating mga tauhan, na lumikha ng isang Bonifacio, ang mapaghimagsík na patnugot at bayani ng taumbayan; at ikatl[illegible] pagpapatibay ng ating pagka-Bansa at sa pagtataguyod sa k[illegible]vin ang [illegible] atin ng isang [illegible] na sagisag ng malinis na pagka-Pilipino sa kasaluk[illegible]

*Ang Republika*, sa pagpapasimulang ito ng k[illegible]kabuhayan, ay nag-uukol ng kanyang pamimitagan sa bayang natatalaga niyang ipagtanggol, at sa patnugot na pambansa, ang Pangulong Laurel, bilang tanlaw na nagniningníng na nagbibigay sa atin ng líwanag upang makita ang landas na patungo sa hantungan sa mga araw na ito ng mapanganib na pagsubok—ang pagkaligtas ng ating bayan at ang ikapagiging matibay ng ating Pangalawang Republika Pilipina, na napatatag sa lalong madaluyong na panahon ng ating kasaysayan.

### PAGKAKÁSUNUD-SUNÓD NG MGA PANG YAYARI SA PÁMAHALAÁN BUHAT NANG ITATAG ANG REPÚBLIKÁ NG PILIPINAS

*Ika-14 ng Oktubre, 1943.*—Pagpapahayag sa Kasarinlan ng Pilipinas at pa pagpapasinaya sa Republika ng Pilipinas.

*Ika-14 ng Oktubre, 1943.*—Paglagda sa Kasunduan sa pakikipagtulungan ng Pilipinas at ng Hapon.

*Ika-14 ng Oktubre, 1943.*—Pagkakaloób ng pangkalahatang pawalang-sala at patawad sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas na may pinananagutang krimen o pagkakasalang may-uring pangkapamayanan.

*Ika-14 ng Oktubre, 1943.*—Paglikha sa sangguniang-Bansa, na ang pinaka-Pangulo ay ang Kgg. Ramon Avanceña.

*Ika-20 ng Oktubre, 1943.*—Paghirang sa mga Kagawad-Bansa ng Republika ng Pilipinas at paglikha sa Kagawarang-Bansa sa mga Suliraning Panlabas na ang pinaka-Kagawad-Bansa ay ang Kgg. Claro M. Recto.

*Ika-21 ng Oktubre, 1943.*—Paglalaan ng guguling ₱2,000,000 ukol sa pagsaklolo at pagpapanibagong buhay.

*Ika-23 ng Oktubre, 1943.*—Paghirang sa Kgg. Jorge B. Vargas bilang Tanging-Sugo na Maylubosna-Kapangyarihan ng Republika ng Pilipinas sa Imperyo ng Hapon.

*Ika-23 ng Oktubre, 1943.*—Paglikha sa Pambansang Lupon sa Pagtuturò na gagawa ng pag-aaral, at magtatagubilin ng mga kinakailangang pagbabago, sa kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturò.

*Ika-20 ng Nobyembre, 1943.*—Naglagda ang Pangulo ng Republika ng isang kautusang ukol sa pangangasiwa sa pamamahagi ng bigas at maís.

*Ika-25 ng Nobyembre, 1943.*—Pagbubukas ng unang pangkaraniwang pulong ng Kapulungang-Pambansa.

*Ika-3 ng Disyembre, 1943.*—Paglikha sa Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagkain at paghirang sa Kgg. Jose Sanvíctores bilang Tagapangasiwa ng Pagkain.

*Ika-13 ng Disyembre, 1943.*—Naglagda ang Pangulo ng Republika ng mga Kautusang Tagapagpaganap na siyang maglalahad ng kaayusan at kayarian ng watawat ng Republika ng Pilipinas at nagtatadhana ng mga tuntu-[illegible]

*Ika-20 ng Disyembre, 1943.*—Pagbubukas ng Unang Pulong sa Panggagamot sa ilalim ng Republika ng Pilipinas.

*Ika-24 ng Disyembre, 1943.*—Pagpapanibagong-tatag sa mga Kagawaran, Kawanihan, Tanggapan, sangay at iba't ibang bahagi ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas.

*Ika-31 ng Disyembre, 1943.*—Pagpapatibay sa Batas Blg. 18 na nagtatadhana ng pagbibilí ng mga bono ng Republika ng Pilipinas ukol sa pagpapanumbalik at pangangalaga sa katahimikan at kaayusan.

*Ika-4 ng Enero, 1944.*—Pagtatatag sa Bígasang-Bayan upang siyang mangasiwa sa pag-aani, pagtitipon at pamamahagi ng bigas at ng iba pang kakanin.

*Ika-7 ng Enero, 1944.*—Pagtatatag ng mga Pampurok na Hukuman sa Paghahabol at Hukumang Unang Dulugan.

*Ika-8 ng Enero, 1944.*—Pagtatatag sa Pasanayan sa Pagtuturò ng Wikang Pambansa.

*Ika-11 ng Enero, 1944.*—Paglikha sa Lupong sa Pagbabalita, na ang pinaka-Pangulo ay ang Kgg. Arsenio N. Luz.

*Ika-2 ng Pebrero, 1944.*—Ang unang pangkaraniwang animnapung-araw na pulong ng Kapulungang-Pambansa ay nagwakas.

*Ika-9 ng Pebrero, 1944.*—Paglikha sa Palingkurang-Tagapangalaga sa Mamamayan, na ang pinaka-Pangulo ay ang Kgg. Jose Paez.

*Ika-22 ng Pebrero, 1944.*—Pagpapatibay sa Batas Blg. 39 na nagpapahayag ng pagkakaroon ng kagípitan at nagpapahintulot sa Pangulo ng Republika na makapagtadhana ng mga tuntunin upang mapangalagaan ang kaligtasan, kalusugan at kapanatagan ng mga mamamayan sa Pilipinas.

*Ika-29 ng Pebrero, 1944.*—Ang Kgg. Jorge B. Vargas, Sugo ng Pilipinas sa Hapon, ay nagharap ng kanyang mga katibayan sa Kanyang Kadakilaan, ang Emperador ng Hapon.

*Ika-3 ng Marso, 1944.*—Pagpapatibay sa Batas Blg. 65 na nagpapataw ng lalong mabigat na parusa sa mga pagkakasalang tumutukoy sa pagnanakaw, pagpapasuhol, panghuhuwad, panlilinlang, mga pamalakad na labag sa batas, paglustay sa salapí ng Pamahalaan, pagtataksíl at paglabag sa mga batas ukol sa pangangasiwa sa pagkain, atb.

*Ika-8 ng Marso, 1944.*—Paglikha sa mga Tanging Hukuman ng mga Usaping Kriminal.

*Ika-8 ng Abril, 1944.*—Paglikha sa Karangalang-Panghukbo Kabuhayan, na ang pinaka-Pangulo ay ang Kgg. Manuel A. Roxas.

*Ika-27 ng Abril, 1944.*—Paglikha sa Karangalang-Panghukbo ng Bagnos-Tirad.

*Ika-4 ng Mayo, 1944.*—Ang Karangalan ng Bagnos-Tirad ay ipinagkaloob sa nasirang Heneral Gregorio H. del Pilar at sa labinlimang tauhan ng Kostabularya ng Pilipinas.

*Ika-15 ng Mayo, 1944.*—Inatasan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas ang Tagapangasiwa ng Pagkain na manamsan kaagad ng lahat ng inimbak na palay at bigas, matangì na lamang ang bahaging sapat sa kagamitan ng mga mag-aanak at ng kanilang mga kinukupkop.

*Ika-7 ng Hunyo, 1944.*—Pagkakaroon ng nagkakaisang pamamanihala sa Kostabularya ng Pilipinas ukol sa mabisang pangangalagà sa katahimikan at kaayusan.

*Ika-8 ng Hunyo, 1944.*—Paglikha sa Kawanihan ng Pagsisiyasat ukol sa paglilinis sa Pamahalaan ng mga di-kanais-nais na tauhan at upang ang paniniktik at pagsisiyasat sa mga paglabag sa batas ay tuparín ng isang tanggapang lamang.

*Ika-8 ng Hunyo, 1944.*—Paglikha sa "Philippine Sugar Association" ukol sa pagpapanibagon-buhay ng industriya ng asukal.

*Ika-21 ng Hunyo, 1944.*—Pagtatatag sa "National Commodities Procurement and Distribution Corporation" (NADISCO) upang siyang magpatuloy sa gawain ng "Philippine Prime Commodities Distribution Control Association" (PRIMCO).

*Ika-8 ng Hulyo, 1944.*—Pagtatatag sa Kagawarang-Bansa sa mga Suliraning-Pangkabuhayan.

*Ika-11 ng Hulyo, 1944.*—Paglilipat ng Hukbong Imperyal ng Hapon sa Republika ng Pilipinas ng mga samahang arì o pinangangasiwaan ng Pamahalaan na dating hinahawakan ng Hukbó.

*Ika-20 ng Hulyo, 1944.*—Ipinahayag ng Pangulong Jose P. Laurel sa mga magpapalay sa unang araw ng kanilang kapulungan na ang bawa't pilipino'y hindî nararapat mabuhay nang alang-alang sa kanyang sarili lamang kundî alang-alang din sa kanyang lupang-tinubuan.

*Ika-21 ng Hulyo, 1944.*—Nanawagan sa mga magpapalay ang Pangulong Manuel A. Roxas ng Lupong sa Pagbabalak ng Kabuhayan na ihandog ang nalalabí nilang palay sa Pamahalaan upang sa gayón ay matulungan ang maraming nagtítiís na mamamayan.

*Ika-3 ng Agosto, 1944.*—Itinakda ng Pamahalaan na ang pinakamababang sahod na tatanggapín ng mga naglilingkod sa Pamahalaan sa buong Pilipinas ay ₱100 isang buwan.

*Ika-9 ng Agosto, 1944.*—Pinahintulutan ng Pangulo ang pagbibilí ng mga lupa sa "Buenavista Estate" sa Bulakan sa mga tunay na kasama at naninirahan doon.

*Ika-14 ng Agosto, 1944.*—Paglikha sa Kaawanihan ng mga Beterano, na ang pinaka-Patnugot ay si Heneral Simeon de Jesus.

*Ika-24 ng Agosto, 1944.*—Paghirang sa Kgg. Pedro Sabido bilang Kagawad-Bansa sa mga Suliraning-Pangkabuhayan.

*Ika-26 ng Agosto, 1944.*—Hinati ng Pangulo ang Pilipinas sa pitong purok-pampangasiwaan at lumikha ng mga tungkulin ng Komisyonado sa bawa't purok-pampangasiwaan.

*Ika-21 ng Setyembre, 1944.*—Sinalakay ng mga aeroplanong Americakano ang Maynila at ang kalapít na pook: pagpapahayag ng Batas Panghukbo o *Ley Marcial* ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas.

*Ika-22 ng Setyembre, 1944.*—Sinalakay ng mga aeroplanong Amerikano ang Maynila at ang kalapít na pook; pagpapahayag ng kalagayan ng digmá sa Pilipinas ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas na magkakabisa kinabukasan, sa ganap na ika-10 n. u.

## Pananalig...

(*Karugtong ng nasa pagina 3*)

At ganyan ang aming pananalig at paníniwala . . .

Sapagka't:

Ang patnugot ngayon ng bansa at ang mga mamamayan ay tinítibukan sa pusò ng malinis na pag-ibig sa kanilang tinubuan.

Walang dî nakalaan sa mga dusa at pagtitiís.

Bawa't isa'y gumagamit ng kahinahunan at iniwawaksí ang malab na simbuyo ng loob.

Namumuhunan ng liwanag ng pag-iisip at bawa't gawí'y tinítimbang na mabuti sa katarungang dapat talimahin.

Kaya, sa ibabaw ng lahat, ay buo ang aming pag-asa, na, pagkapawì ng dilím ay lalaganap ang liwanag ng isang bagong araw na magsasabog sa madla ng biyaya ng kabuhayang mapalad, pasasa at maluwalhatì.

## Food Drive ...

(*Continued from page 1*)

only in self-sufficing agriculture. They will plant food crops whether they are told or not, without need of compulsion, if conditions permit farm operations. That is the reason that, in adopting a plan for the food production campaign, we laid special emphasis on creating favorable conditions in order that the farmer may be able to plant, harvest, and market his crops. Security of life and property, unhampered pursuit of livelihood, in the rural districts, easy and cheap facilities of transportation, availability of planting materials and adequate prime commodities at reasonable prices and fair prices for his crops—these are the conditions needed by the farmers.

"Ranking officials of the different bureaus and offices under the Ministry of Agriculture and Natural Resources have been assigned as executive officers to help the governors organize and carry out the food production program. Many other men in the government have been drafted for provincial service to help in the food production campaign. A total number of 830 employees from the Ministry of Agriculture and Natural Resources and 236 from other ministries have been given provincial assignments on food production.

"A special service has been organized for the procurement and distribution of seeds and planting materials, utilizing the Seed Farm Division of the Bureau of Plant Industry as the nucleus.

"In spite of the difficulties of transportation and communication, all provinces of Luzon have reported that the campaign has been in operation since April. These provinces have been rendering regular fortnightly and monthly reports of accomplishments. Of the Visayan and Mindanao provinces—Antique, Capiz, Iloilo, Occidental Negros, Bohol, Masbate, Bukidnon, Surigao, and Zamboanga—have also reported on the progress of the food production campaign.

"In the Central, Southern, and Southwestern provinces of Luzon, the progress in the planting of substitute crops—namely, corn, camote, and cassava—so far has exceeded all sanguine expectations. In corn, the provinces that have exceeded their quota up to the fortnight ending July 31, are: Nueva Ecija, Tarlac, Zambales, Pampanga, Laguna, Rizal, and Albay. The others will surely cover their quota by the end of August.

"In camote, the provinces that have exceeded their quotas are: Pangasinan, Nueva Ecija, Tarlac, Zambales, Pampanga, Bulacan, Tayabas, Laguna, Rizal, Sorsogon, and Albay.

"In cassava, the provinces that have so far exceeded their quotas are: Pangasinan, Nueva Ecija, Tarlac, Zambales, Bulacan, Bataan, Tayabas, Batangas, Laguna, Rizal, Camarines Norte, Albay and Sorsogon.

"The planting of palagad rice has been successful in Tayabas, Bataan, Laguna, Rizal, Pampanga, Bulacan, Nueva Ecija, Tarlac, Pangasinan, Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union, and Nueva Vizcaya. According to the latest reports of planting of regular lowland rice crop, there are indications pointing to the possibility of covering the quota in all provinces before the end of the present planting season.

"Many provinces have taken advantage of using the compulsory labor service provisions of Executive Order No. 37 in the building and repair of irrigation systems and in the planting of idle lands. Notable results have been attained in the use of compulsory labor service in irrigated areas in the provinces of Laguna, Pangasinan, Zambales, and Camarines Norte. The results of compulsory labor service in the cultivation of idle lands and in the care of standing crops have been outstanding. Special mention should be made of the municipalities of Angat and Norzagaray, province of Bulacan, where over 2,000 hectares of hitherto idle hillsides have been planted to cassava, camote, and corn by organized labor service.

"These have been the accomplishments of the food production campaign gauged from items that can be measured; and, barring unforeseen circumstances, we can expect a bountiful crop to tide us over the present crisis. But a far greater accomplishment which can not easily be measured in term of common units comes in intangible forms, namely:

"1. The realization of the people almost everywhere that only thru the planting of food crops locally can the danger of famine be averted. The people in all the municipalities are getting food-production-minded.

"2. Infusion of a feeling of confidence in many rice-deficient provinces that through intensive efforts they can produce substitute foodstuffs to make up for rice that can not be imported from other provinces.

"3. The increased consumption in Central and Southern Luzon provinces of substitutes for rice.

"4. The resulting widespread practice of second-cropping, particularly in the planting of corn, camote, mongo, and palagad rice after the regular rice crop.

"5. The realization that Governors and Mayors, given the responsibility and commensurate authority, can be depended upon to undertake in their respective territories the execution of a government economic program vitally affecting the welfare of the people, if that program is well planned and systematically executed.

"6. Realization on the part of government of the importance of extending liberal support to agricultural policies, particularly food production and farm stabilization, which are essential to national security."

### GUMAWÁ NA BA KAYÓ NG SARILING BALÓN?

Noong ibalita na ang tubig sa ating mga gripo ay marumí at lubhang mapanganib sa buhay kung siyang iinumín, ang mga kinauukulan ay gumawa ng tagubilin sa mga mamamayan na dapat mag-ingat sa kanilang iníinom na tubig, kasabay ng payong habang maaari ay gumawa ang bawa't ísa ng sarísariling balon na kanawa-nawang magagamit.

Ngayon, ang tanong ay ito: gumawa na ba kayo ng inyong sariling balon? Kung hindî pa ay gumawa na kayo ngayon din. Ang kapabayaan ay nagbubunga ng mga kapinsalaan sa buhay.

### MAGTIPID . . . MAGTIPID . . . AT MAGTIPID . . .

Sa harap ng kasalukuyang bigat ng panahon, na ang lahat ng bílihin ay totoong napakamahal, ay ipinapayo ng sariling katutubong baít na ang lahat ay dapat na magtipíd, di lamang sa salapî kundî lalo't higít sa mga pagkain. Maaaring ang bigat na ito ng panahon ay lalong lumubha sa mga araw pang darating, palibhasa, kapag ang isang bayan ay kasangkot sa digmaan ay walang makatuturol sa mangyayari sa araw ng bukas. Magtipíd tayo, alang-alang sa kapakanan ng sarili.